PEACE PURSUIT®

# PAGHAHANGAD NG KAPAYAPAAN

## *MABILIS NA GABAY SA PAGSISIMULA*

**Una,** pumili ng isa na pinakanaglalarawan sa sitwasyon ninyo.

- Pakiramdam ninyo na may nakasakit o nakaoffend sa inyo.
- Pakiramdam ninyo na may nasaktan o naoffend na iba bukod sa inyo.
- Mukhang ikaw ang nakasakit o nakaoffend sa iba.
- May lumapit sa iyo para pag-usapan ang tungkol sa problema ng dalawang tao pero hindi ka kasama sa problemang iyon.

**Susunod,** Sundan ang litrato ninyo.

## YUGTO 1 Makipagusap sa Diyos

Manalangin at kumpletuhin ang mga hakbang bago magpasya kung kakausapin o hindi ang isang tao.

### *Iwasan ang tsismis*

Huwag pagusapan ng hindi tama ang ibang tao.
Kawikaan 16:28; 25:8-10; 26:20

### *Pag-aralan*

Anong ugat ng problema sa relasyon? Kultura ba? Pagkakaiba ng personalidad? Hindi pagkakaunawaan? Lehitimong hindi pagkakasundo? Matatawag ba itong kasalanan? Paano ipapaliwanag ang problema kung may inaasahang hindi nangyari, hindi malinaw o hindi patas? Lehitimo ba, makatwiran, mapagmahal at madaling maintindihan ang mga inaasahang ito? Kawikaan 23:23; Efeso 4:25

### *Suriin*

Kung mapalalagpas mo ang pagkakasala sa iyo, pwedeng huwag na itong pagusapan. Pero isaalang-alang kung gaano kagrabe ang pagkakasala. Gaano kalaki ang epekto ng sinabi o ikinilos nito sa tao o sa ibang tao? Nakasakit ba ito sa pangalan ni Kristo o ng simbahan? Ang pagkakasala ba ay malinaw na inilalarawan sa bibliya? Ito ba ang kinaugalian o isang beses na pagkakamali? Ang mas seryosong pagkakasala at epekto nito sa tao, mas lalo mong kausapin ang taong ito. Kawikaan 19:11, 1 Pedro 4:8, Colosas 3:12-14, Galacia 6:1-2, Santiago 5:19-20, Tito 1:7, Mateo 18:15, Filipos 2:2-4

### *Humusga nang tama*

Naghusga ka ba agad o maagang naghusga? May kinikilingan ka ba? Pinasisinungalingan mo ba o pinagagrabe ang katotohanan tungkol sa totoong pagkakasala? Kawikaan 17:15; 18:17, Levitico 19:15, 1 Timoteo 5:21, Juan 7:24, Mateo 7:1-2

### *Tanggalin ang muta sa iyong mata*

Paano ka nakadagdag sa problema? Ano ang nasa puso mo o isip na hindi mo nakikita ang problema, sarili mo o ibang tao nang malinaw o sa pananaw ng Diyos?
Mateo 7:3-5, 1 Pedro 2:1

### *Pagpapatawad*

Pinatawad mo ba ang tao sa puso mo at sa harapan ng Diyos. Handa ka bang patawarin sila kung aamin at hihingi ng tawad sa iyo? Tapat mo bang maipapanalangin ang panalangin ito sa Diyos? "Gusto ko silang patawarin gaya ng pagpapatawad ninyo ni Kristo sa akin." "Gusto ko silang makita gaya ng inyong biyaya at awa." "Tulungan ninyo akong baguhin ang isip ko; Ayaw kong panatilihin ang pagkakasala sa akin." "Tulungan ninyo akong huwag pag-usapan nang hindi tama ang pagkakasalang ito." "Pagpalain ninyo sila ng iyong pagmamahal."
Efeso 4:31-32, Kawikaan 17:9, Colosas 3:13, Filipos 4:8, Mateo 6:15; 18:35

### *Maghanap ng tamang payo (optional)*

Paano ka matutulungan ng matalino at walang kinikilingang tao para malinaw na maintindihan ang inyong sitwasyon? Kawikaan 1:5; 12:15; 19:20

### *Suriin ang iyong puso*

Hilingin sa Dios na maipakita sa iyo ang iyong tunay na intension. Paano mo ilalarawan sa bibilkal na paraan ang iyong motibo kung kakausapin o hindi kakausapin ang isang tao. Huwag pumunta nang galit, para ipahiya, o linisin ang inyong konsensya. Huwag hayaan ang takot, ang iyong pagmamataas o kulang sa pagmamahal para huwag mo silang kausapin.
Awit 139:23-24

### *Magsisi ka sa iyong bahagi*

Kung may bahagi ka sa problema, aminin ang iyong kasalanan sa Diyos at sa iba. Paano magpakumbaba, igalang ang iba, ipakita ang katapatan sa ginawa mo? Isaalang-alang na isama ang mga ito sa pagamin ng kasalanan: maging responsable, sabihin ang naging kasalanan, huwag isisi sa iba at palabasin na wala kang kasalanan magpakita ng totoong pagkalungkot at pagsisisi. Kung may kasalanan sa Diyos, ilarawan sa biblikal na paraan. Ipakita na alam mo at nagsisisi ka sa sakit na naging bunga nito. Itanong kung meron pang kasalanan na kailangan mong aminin.
Mateo 5:23-24, 2 Corinto 7:8-11, Kawikaan 28:13, Santiago 4:6

### *Tanungin ang papel mo*

Ikaw ba ang tamang tao na dapat lapitan? Kung hindi, sino? Kawikaan 26:17, Matthew 7:12

### *Isaalang-alang ang iyong responsibilidad*

Ano ang pwedeng maging bunga sa iyo at sa iba kung hindi mo sila kakausapin?
Galacia 6:1-2, Leviticus 19;17-18, Hebreo 10:24

### *Maghanda ng may pagmamahal*

Kung magdedesisyon kang kausapin ang iba, paano mo sila lalapitan kung ikaw ang nasa katayuan nila? Pagaralan mo uli ang iyong plano at motibo sa pagpunta. Mateo 7:12, Galacia 6:1, Kawikaan 25:8-10, Filipos 2:2-4

Kung may lumapit sa iyo para pag-usapan ang problema tungkol sa iba, una, magdesisyon ka muna kung ikaw ang tamang taong makakatulong sa kanila. Kung ikaw ang tamang tao, manalangin at tulungan silang maintindihan ang papel nila. Tapos sundan mo ang mga ito.

*Iwasan ang tsismis*

Huwag pagusapan ang ibang tao.
Kawikaan 16:28, 25:8-10, 26:20

*Maging bukas at walang kinikilingan*

Tulungan silang maintindihan ang pananaw ng iba at gayun din sa kanila. Sabihin ang totoo nang may pagmamahal.
Kawikaan 18:17, Efeso 4:15, 1 Timoteo 5:21

*Magpayo nang matalino*

Gabayan sila nang matalino sa lahat ng makabuluhang bagay sa unang yugto ng papel nila. "Ngunit ang karunungang mula sa langit, una sa lahat, ay malinis, mapayapa, maamo, mapagbigay, puno ng awa, masaganang namumunga ng mabubuting gawa, hindi nagtatangi at hindi nagkukunwari. Santiago 3:17

## Ang inaasahan ng Dios na pakikitungo ng mga mananampalataya sa isa't-isa

- **Maging mapayapa** sa isa't-isa. (Marcos 9:50)
- **Magmahalan**. (Juan 13:34)
- **Maging tapat** sa isa't-isa. (Roma 12:10)
- **Parangalan** ang isa't-isa. (Roma 12:10)
- **Mamuhay ng nagkakaisa.** (Roma 12:16)
- **Huwag husgahan** ang isa't-isa. ( Roma 14:13)
- **Tanggapin** ang isa't-isa. (Roma 15:7)
- **Turuan** ang isa't-isa. (Colosas 3:16)
- **Paalalahanan** ang isa't-isa. ( Colosas 3:16)
- **Palakasin ang loob** ng bawat isa. (Hebreo 10:25)
- **Paglingkuran** ang isa't-isa. (Galacia 5:13)
- **Magtulungan sa problema** ng bawat isa. (Galacia 6:2)
- **Maging mapagpakumbaba** sa isa't-isa. (Efeso 4:2)
- **Maging Mabait at maawain** sa isat-isa. (Efeso 4:32)
- **Magpatawaran**. (Efeso 4:32, Colosas 3:13)
- **Magpasakop** sa isa't-isa. (Efeso 5:21)
- **Huwag magsinungaling** sa isa't-isa. (Colosas 3:9)
- **Aliwin** ang isa't-isa. (2 Corinto 13:11)
- **Patatagin** ang isa't-isa. (1 Tesalonica 5:11)
- **Huwag Magsiraan**. (Santiago 4:11)
- **Huwag Magsisihan**. (Santiago 5:9)
- **Aminin ang mga kasalanan** sa isa't-isa. (Santiago 5:16)
- **Ipanalangin** ang isa't-isa. (Santiago 5:16)
- **Magsama-sama**. (1 Juan 1:7)
- **Pasiglahin** ang isa't-isa. (1 Tesalonica 4:18)
- **Sikaping makagawa ng mabuti** sa isa't-isa. (1 Tesalonica 5:15)
- **Huwag galitin** ang isa't-isa. (Galacia 5:26)
- **Huwag gumawa ng anumang bagay dahil sa sariling hangarin,** hangarin ang kapakanan ng iba. (Filipos 2:3-4)

## YUGTO 2 Kung angkop, makipagkita sa taong iyon

(Pwedeng makipagkita nang ilang beses sa taong iyon para makamit ang kapayapaan)

***Lumapit ng may pagmamahal*** Pumunta sa oras, lugar at pag-uugali na gusto mo kung ikaw ang lalapitan nila. Mateo 7:12, Galacia 6:1, Kawikaan 25:8-12

***Makinig*** Maging alisto sa pakikinig, maingat sa pagsasalita at hindi agad nagagalit. Santiago 1:19, Kawikaan 18:17; 25:12

***Gamitin ang mga salitang nagpaparangal sa Diyos*** Gamitin ang "ako" sa halip na "ikaw". Gumamit ng kalmado at hindi pagbabantang pagkilos ng katawan. Ipaliwanag ang mga kasalanan sa biblikal na paraan. Efeso 4:29, Kawikaan 15:1, 25:11-12

***Magpatawad*** Kung magsisi ang isang tao, patawarin mo siya. Lucas 17:3-4

***Maging tapat, magpakumbaba, marangal na pag-amin ng kasalanan.*** Maging espesipiko, walang kulang, at labis na magsisi. 2 Corinto 7:8-11, Kawikaan 28:13

***Tangapin mo ang pagpapatawad at paglilinis kung ibibigay nila.*** 1 Juan 1:9

***Itama ang lahat ng pagkakamali kung kaya.*** Mateo 3:8, Hebreo 12:11, Galacia 6:7-8

## Bakit Maghangad ng Kapayapaan??

- **Hangarin** ang mga bagay na nagdudulot ng kapayapaan at pagpapalakasan sa isa't-isa. Roma 14:19
- **Pagsikapang** makipagkasundo sa lahat. Hebreo 12:14
- **Pagsikapang** mapanatili ang pagkakaisa mula sa Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mapayapang pagsasamahan. Efeso 4:3
- **Hangga't maaari,** mamuhay nang mapayapa sa lahat ng tao. Roma 12:18

## Paghahangad ng Kapayapaan: Ang Limang Haligi

1 Gusto ng Diyos na makipagkasundo ka sa lahat.

2 Ang mga relasyon mo sa mga tao ay sumasalamin at may epekto sa relasyon mo sa Diyos.

3 Itrato mo ang bawat isa na nilikha na kakaiba at mahal ng Diyos.

4 Itrato mo ang bawat isa na patas at walang kinikilingan.

5 Mapalad ang lahat kapag hinangad mo ang kapayapaan ayon sa perspektibo ng biblia.

PEACE PURSUIT® © PeacePursuit.org TAGALOG v 9.1